NEW SOUTH WALES DEPARTMENT OF EDUCATION AND TRAINING

ANG PAGBABASA NINYO AT NG INYONG ANAK SA TAHANAN

MGA IDEYA PARA SA MGA MAGULANG AT MGA TAGAPAG-ALAGA NG MGA BATA

READING WITH YOUR CHILD AT HOME – IDEAS FOR PARENTS OF YOUNG CHILDREN

Ang Pagbabasa ay Mahalaga

READING IS IMPORTANT

- Ang pagbabasa ay isang mahalagang kasanayan. Sa ating makabagong daigdig lalo at higit ngayon ang kahalagahan nito.
- Natututuhan ng mga bata ang kahalagahan ng pagbabasa habang nagmamasid sila sa mga kasambahay na ginagamit ang pagbabasa at pagsusulat para sa maraming pangangailangan sa araw-araw.
- Ang pagbabasa ninyo at ng inyong anak sa tahanan ay makakatulong sa kaniya sa lahat ng bahagi ng pag-aaral sa paaralan.
- Nakikita kayo ng mga bata na nagbabasa at nagsusulat sa araw-araw - pagbabasa upang, malibang, paggamit ng resipe, paglilista ng pamimilihin, pagsusulat sa bertday kard o pagbabasa ng mga karatula sa kalye. Naitituro ninyo sa inyong anak na ang pagbabasa at pagsusulat ay mga mahalagang kasanayan sa daigdig ngayon.
- Madalas na hinihiling ng mga paaralan na ang mga magulang ay makinig habang ang kanilang mga anak ay bumabasa sa tahanan. Ito ay isang mabuting paraan upang matulungan ninyo ang pagbabasa ng inyong anak. Maaaring humiram ng mga aklat buhat sa aklatan ng paaralan o sa inyong aklatang lokal.
- Magtiwala kayo na ang inyong anak ay matututong magbasa.

Ano ang maaari ninyong gawin sa tahanan upang makatulong

WHAT YOU CAN DO AT HOME TO HELP

- Maging tapat sa sarili. Isali ang mga bata sa mga usapang pangaraw-araw.
- Bumasa nang malakas sa mga bata. Nakatutulong ito sa kanila upang matutuhan ang 'salita' ng mga aklat at mahihikayat sila na masiyahan sa mga aklat at sa pagbabasa.

- Mag-usap tungkol sa mga aklat, bumasang magkasabay at gawing ang pagbabasa ay isang kawili-wiling gawain.
- Tiyakin na maraming mga uri ng babasahin para sa inyong anak sa inyong tahanan, mga kuwento man o hindi.
- Kung ang unang wika ninyo ay hindi Ingles,mahalagang bumasa sa inyong anak sa inyong sariling wika. Napatunayan ng mga karanasan na ang paggamit ng inyong sariling wika ay makatutulong sa inyong anak na matutong bumasa ng Ingles.
- Sikapin na huwag makaabala ang telebisyon sa oras ng pagbabasa. Maglaan ng tanging oras ng pagbabasa sa inyong anak na walang maaaring makaabala.
- Makinig sa pagbabasa ng inyong anak kahit saglit lamang.
- Magbigay ng mga aklat bilang pabuya o regalo.

Mga tulong sa inyong pakiking sa pagbabasa ng inyong anak

HINTS FOR LISTENING TO YOUR CHILD READ

- Bago magsimulang bumasa, mag-usap ukol sa pabalat ng libro, ang pamagat, ang mga larawan, at pag-usapan ang paksa ng aklat.
- Habang nagbabasa, pag-usapan ang kuwento at subukang hulaan ang susunod na mangyayari.
- Matapos ang pagbabasa, mag-usap at magtanong tungkol sa kuwento at mga larawan.
- Maghalili sa pagbabasa kung ang ang aklat ay may kahirapang basahin.Ang mga bahaging paulit-ulit ay maaaring ipabasa sa mga baguhang bumabasa at ang mga sanay na ay maaaring bumasa ng isang parapo o isang pahina.
- Kung hindi alam ang isang salita:

  Huminto sandali upang bigyang oras ang bata na mapag-aralan ang salita.

  Hudyat

  - balikan ang simula ng mahirap na pangungusap, o lampasan ang mahirap na salita hanggang sa dulo ng pangungusap
  - humanap ng palatandaan sa larawan o mga salita
  - tingnan ang unang letra at isipin kung ano kaya ang salitang iyon
  - itanong "may katuturan ba ito?"
  - subuking ibigay ang tunog ng salita
  - kung talagang kailangan, sabihin na sa bata kung ano ang salita.

Purihin ang bata sa kaniyang pagsisikap kahit na mayroong mali.

Ano ang maaaring basahin at gawin

WHAT TO READ AND DO

- Magkuwento at ikuwentong muli ang iba't-ibang uri ng paboritong istorya, kuwento ng mga diwata, buod ng mga pelikula, mga balitang lokal at kasaysayan ng pamilya.
- Maglaro tulad ng " Nanunubok ako..." anumang bagay na nagsisimula sa "d'
- Kung ang bata ay tumutulong sa inyo habang nagluluto, ipabasa sa kaniya ang simpleng resipe.
- Magbasa ng komiks, magasin, maiikling kuwento tula at rima gayundin ang mga rimang pambata.
- Magtulungan sa paggawa ng krosword at iba pang palaisipan.
- Basahin ang ‘TV guide’ bago manood ng palabas.
- Basahin ang mga libreng polyeto.
- Basahin ang mga direksiyon at karatula habang nasa sasakyan o kung namimili.
- Magbasa at sumulat ng mga maiikling sulat sa mga kasambahay.
- Maglaro ng mga 'board games' at basahin ang mga tuntunin sa paglalaro
- Maglaan ng mga letrang plastik, krayola, lapis at mga papel.

At tandaan...

AND DO REMEMBER . . .

- Pag-usapan ang kahulugan ng mga kuwento at mga salita.
- Hikayatin ang inyong anak na bumasa kahit saan at anumang oras.
- Hayaang makita ng inyong anak na kayo ay nasisiyahan sa inyong pagbabasa.
- Bumisita sa aklatang malapit sa inyo. Humiram ng mga aklat para sa inyo at sa inyong anak.
- Makipag-usap sa guro ng inyong anak o sa punong-guro ukol sa karagdagang tulong at payo.
- Masiyahan sa pagbabasa. Dapat itong maging kawili-wili.

Makipag-ugnayan sa inyong paaralang lokal para sa karagdagang impormasyon kung paano ninyo matutulungan ang inyong anak sa kaniyang pagbabasa.